# FY2021 Survey sa suporta sa mgaTechnical Intern Trainee matapos bumalik sa sariling bansa

## 1. Layunin Survey

Ang survey ay upang mapagaralan ang employment status ng mga teknikal intern trainee na bumalik sa kanilang bansa noong FY 2020 (tatawagin mula rito bilang "dating trainee"), suporta sa paglipat ng trabaho/skill, o pagtatamo ng skills, at iba pa ng technical intern training para sa nangangasiwang organisasyon at nagpapatupad ng pagsasanay ng individual enterprise-type training (tatawagin mula rito bilang "nangangasiwang organisasyon").

## 2. Target ng survey

Nangangasiwang organisasyon, at iba pa.

## 3. Paraan ng survey

1)Magpapadala ng survey forms at online response manuals sa mga subjects ng survey.
2) Sasagutin ng target ng survey ang mga questionnaire at ibabalik ito sa OTIT survey office o sasagot sa online.
3) Multiple choice at malayang deskripsyon.


## 4. Bilang ng wastong tugon at response rate

| Bilang ng mga survey target | Bilang ng mga wastong tugon | Response rate |
|---|---|---|
| 3,175 | 2,936 | 92.5% |

# Status sa kooperasyon ng mga dating trainee matapos bumalik sa sariling bansa

## Status sa kooperasyon ng nagpapadalang organisasyon


Kaugnay sa survey sa sitwasyon ng mga dating teknikal intern trainee matapos bumalik sa sariling bansa, ang bilang ng mga nagpapadalang organisasyon na mayroong cooperative relationship sa mga nangangasiwang organisasyon ay 4,531, na nasa 83.9% ng mga nagpapadalang organisasyon.




## Status ng mga Organisasyon na hindi nakipag-cooperate

＊ Na-revised ang ilang data noong Setyembre 1, 2023.


Ukol sa bilang ng nagpapadalang organisasyon na mayroong cooperative relationship sa nangangasiwang organisasyon, ang pinakamalaking bilang na sagot ng numero ng nangangasiwang organisasyon na sumagot ay 2−3 organisasyon, na nasa 30.7%.



# Employment status ng mga trainee matapos bumalik sa sariling bansa


## Employment status ng mga dating trainee matapos makabalik sa sariling bansa

Ukol sa employment status matapos bumalik sa sariling bansa, 58.9% sa mga respondent ay sumagot na "natanggap at nagtratrabaho"(45.7%), "nagsimula ng negosyo"(7.0%), o "natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho" (6.2%).




## Espesipikong nilalaman ng trabaho matapos makabalik sa sariling bansa


66.6% sa mga dating trainee ay sumagot na ang espesipikong nilalaman ng kanilang trabaho ay "pareho ng sa training"(42.4%) o "pareho ng uri ng trabaho sa training" (24.2%).



# Suporta sa mga dating trainee matapos makabalik sa sariling bansa


## Status sa suporta sa pagtataguyod ng paglilipat ng skills ng mga dating trainee

**72.8%** sa mga nangangasiwang organisasyon ay sumagot na nagbigay sila ng suporta sa pagtataguyod ng paglilipat ng skills ng mga dating trainee (kabilang na ang may cooperative relationship at suporta sa nagpapadalang organisasyon).




## Espesipikong detalye ng mga suporta

Sa mga espesipikong detalye, pinakamaraming sagot ay "Pag-issue ng Certificate of Completion of Technical Intern Training, Certificate of Employment, at iba sa Japan" na nasa 78.0%, "Konsultasyon ukol sa employment at entrepreneurship matapos bumalik sa sariling bansa" sa 37.9%, at sinundan ng "Impormasyon at rekomendasyon sa trabaho matapos bumalik sa sariling bansa" na nasa 35.5%.



# Progreso ng technical intern training habang nasa training period

Ukol sa progreso ng mga technical intern trainee habang nasa training period

Sa kasalukuyan, 97.3% sa mga nangangasiwang organisasyon ay sumagot na, “Nagpapatuloy ang progreso alinsunod sa Technical Intern Training Plan ukol sa mga technical intern trainee na nasa Japan.

